

# Pagsunod kay Jesus sa SWEDEN

**Kilalanin sina Linnéa, Felicia, at Cecilia**



## Tungkol sa Kanila

**MGA PANGALAN:** Linnéa, edad 11; Cecilia, edad 7, at Felicia, edad 9

**MULA SA:** Skåne, Sweden

**WIKA:** Swedish

**MGA MITHIIN AT PANGARAP:** Tumugtog ng mga himno sa piyano (Linnéa), maging missionary (Felicia), tumulong sa bahay (Cecilia)

**PAMILYA:** Inay, Itay, Linnéa, Felicia, Cecilia, at dalawang maliliit na kapatid na lalaki (Caspian at Valdemar)

MGA LARAWANG-GUHIT NI TRACY WALKER



## Paano Nila Sinusunod si Jesus

"Sinusundan ng buong pamilya namin si Jesus," sabi ni Linnéa. Nagtatawagan sila ng pinsan niya tuwing umaga para magkasamang magbasa ng mga banal na kasulatan. Minsan ay sumulat siya ng isang kanta tungkol sa Ama sa Langit at kay Jesus at ibinahagi niya iyon sa family home evening.

Si Felicia ay isang magandang halimbawa sa paaralan. Nagkuwento siya sa guro niya tungkol sa pangkalahatang kumperensya. "Alam na niya na Kristiyano ako," sabi niya. "Ipinaalam ko sa kanya ang pangalan ng Simbahan at nagkuwento ako nang kaunti tungkol sa binyag ko."

Sumusunod si Cecilia kay Jesus sa pamamagitan ng pag-aaral ng mga banal na kasulatan at pagtulong sa iba. "Kapag tinutulungan ko ang isang tao, lumalambot at lumulutang na parang ulap ang puso ko," sabi niya.

### Paano Mo Sinusunod si Jesus?

Maraming paraan para sundin si Jesus. Paano ka sumusunod sa Kanya? Isulat at ikuwento sa amin!

## Mga Paborito Nila

**LUGAR:** Isang kakahuyan sa tabi ng bahay nila (Linnéa)



**MGA PRUTAS AT GULAY:** Pinya, strawberry, saging, mansanas, pipino, pakwan



**MGA SUBJECT SA PAARALAN:**

Art (Linnéa),

pananahi at woodwork (Felicia),

gymnastics (Cecilia)

